

KALALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyong Mamamayan ng Timog Katagalugan

EDITORIAL

Sawatang Duterte-Arroyo-Marcos, bagong mukha ng nagbabadyang pasistang diktadura

Matapos na ganap na makonsolida ang sawatang Duterte-Arroyo-Marcos, nasa panibagong yugto ngayon ang rehimeng US-Duterte ng pagtupad ng kanyang mga pangarap na isulong ang mga anti-mamamayan at makaimperyalistang patakarang. Unti-unti nang inilalatag ng rehimeng US-Duterte ang mga kalagayan upang mairatsada na nito ang pakanang *charter change* tungong pederalismo sa pamamagitan ng paggamit sa natitirang mayorya sa kongreso sa pangunguna ni Gloria Arroyo, ang kanyang Hugpong ng Pagbabago kasabay ng pagtutulak ng iba pang mga anti-mamamayang patakarang pakikinabangan ng kanyang rehimen at ng imperyalismong US.

Naglulunsad si Duterte ngayon ng isang kampanyang nagbabandera sa mga diumano'y bentahe ng *charter change* tungong pederalismo. Gamit ang lahat ng rekursong reaksyunaryong guberno, pinapakilos nya ang lahat ng kanyang mga alipures at galamay katuwang ang kanyang mga *trolls* sa pagpapakalat ng nilutong mga impormasyon at propaganda upang linlangin ang mamamayan na suportahan ang kanyang krusada sa pagbabago sa reaksyunaryong konstitusyon. Nakikipagkutsabahan si Duterte sa mga pinakareaksyunaryong paksyon sa mga naghaharing uri upang isalaksak sa mamamayan ang kanyang kagustuhan sa ngalan ng ninanais nitong "tunay na pagbabago" na pumapabor sa interes ng imperyalistang among US at mismong interes nito.

Ikinukubli ni Duterte at mga kasabwat nya ang panganib na hatid ng pederalismo kung saan babalewalain nito ang mga probisyon sa Konstitusyong 1987 na nagpoprotekta sa batayang karapatan ng mamamayan. Pangunahing nilalaman nito ang paglilimita sa soberanong karapatan ng mamamayan sa eleksyon lamang at pagsupil sa kalayaan sa pamamahayag, pagtitipon, paggigiit sa gobyerno ng kanilang mga hinaing at iba pang mga



batayang karapatan. Isinusulong rin ni Duterte sa kanyang *charter change* na ibukas ang lahat ng mga likas na yaman sa bansa lalo na ang mga produktibong lupang sakahan sa mga mandarambong na dayuhang korporasyon na magtutulak sa walang-habas na pagpasok ng dayuhang negosyo sa bansa at magsasadlak sa kabuhayan ng mamamayan sa ibayong krisis. Liban pa rito, pahihintulutan ng panukalang pederal na konstitusyon ni Duterte ang 100% dayuhang pagmamay-ari sa mga pampublikong utilidad, maging sa *mass media*.

Sa pamamagitan din ng *charter change* tungong pederalismo, iniratsada rin ni Duterte ang kanyang pangarap na itatag ang pasistang paghahari sa buong bayan. Nilalayan nitong alisin ang lahat ng balakid sa walang-kondisyong pagpapataw ng batas militar sa bansa anumang panahon at sirkumstansya. Wala pa mang batas militar, isisilid na nya sa buslo ng mga ahenteng paniktik ng estado ang lahat ng impormasyong pribado ng mga indibidwal na mamamayan sa anyo ng National ID System upang supilin ang anumang anyo ng pag-aalsa at pakikibaka

NILALAMAN

| | |
|----|---|
| 1 | <i>Editorial</i> |
| 3 | <i>Repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon</i> |
| 4 | <i>Krisis sa ekonomya: delubiyong hatid ng rehimeng US-Duterte</i> |
| 6 | <i>1978-85: Panahon ng panimulang mga pagsulong sa lahatang-panig na gawain</i> |
| 7 | <i>Palawan: Sentro ng ekoturismo ng mga dayuhang mandarambong</i> |
| 8 | <i>Operasyong quarry, mapagpasyang tinugunan ng opensiba ng BHB Rizal</i> |
| 9 | <i>Balitang TO</i> <i>Kilos Protesta</i> |
| 11 | <i>Bantay Karapatan</i> |
| 12 | <i>Kultura</i> |

Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng **Marxismo-Leninismo-Maoismo**. Inilalathala ito ng **Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)** at ng **Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan**.

Inaanyayahan ng patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:

st.kalatas@gmail.com
balikwastk.wordpress.com

laban sa reaksyunaryong gobyerno. Sa pakanang pederalismo, iluluklok ni Duterte ang sarili sa sentro ng kapangyarihang pampolitika sa bansa at pakikinabangan ang buu-buong pagbebenta sa soberanya ng bansang Pilipinas.

Kung todo-ratsada si Duterte sa *charter change* at pederalismo, manhid at inutil naman ito sa pagtugon sa kasalukuyang krisis pang-ekonomyang kinakaharap ng bansa. Ipinapatupad nito ang TRAIN Law upang lalong pahirapan ang mamamayan at pagbigyan ang mga dambuhalang korporasyon sa bansa sa pamamagitan ng iba't ibang insentibo kabilang ang pagluluwag sa pagbabayad ng buwis. Kinaltasan rin ni Duterte ang pambansang pondo para sa ilang batayang serbisyong panlipunan tulad ng kalusugan, repormang agraryo at agrikultura habang pinalaki naman ang pondo para sa mga ahensyang panseguridad ng gobyerno kabilang ang DILG para sa pagpapaunlad ng kapulisan at ang DND para sa modernisasyon ng AFP.

Sa gitna ng nagbabadyang diktadura at higit na nag-iibayong krisis, kailangang higit na palakasin ang panawagan ng mamamayan para sa tunay na panlipunang pagbabago dulot ng tumitinding krisis na kanilang kinakaharap. Ang sabwatang Duterte-Arroyo-Marcos mismo ang siyang pangunahing magtutulak sa mamamayan na labanan ang pakanang *charter change* tungong pederalismo ni Duterte.

Higit na kailangang imulat ang mamamayan sa ginagawa sa kanilang panlilinlang at pambubusabos ng rehimeng US-Duterte na tumatagos sa lahat ng aspeto ng kanilang pamumuhay. Dapat samantalain ng buong rebolusyonaryong kilusan ang pagkakataong ito upang organisahin at pakilusin ang mamamayan sa kanilang laksa-laksang bilang kasabay ng higit pang paglalantad sa pagiging anti-mamamayan at maka-imperyalista ni Duterte.

Sa kanayunan, kailangang pakilusin ang libu-libong mga magsasaka para isulong ang mga bungkalan at ang pinakamataas nilang pakikibaka sa lupa—ang rebolusyong agraryo upang igiit ang kanilang karapatan sa lupang kanilang matagal nang pinagyayaman. Kailangang pataasin ang kanilang determinasyong ipaglaban ang kanilang karapatan sa kabuhayan at panirikan sa kabila ng tumitinding pananalakay ng mga pasistang sundalo sa kanilang mga komunidad. Sa mga kalunsuran, kailangang dalhin rin ng iba pang aping uri at sektor ang laban ng masang magsasaka kasabay ng paggigiit ng kanilang mga batayang karapatan para sa trabaho, nakabubuhay na sahod at serbisyong panlipunan.

Tangan ang prinsipyo ng pagsusulong ng armadong rebolusyon sa pamamagitan ng Bagong Hukbong Bayan, kailangang higit na palakihin ang bilang ng mga Pulang mandirigma upang biguin ang anumang pakana ng mersenaryong AFP at patuloy na bigwasan ang mga pasistang atake ng rehimeng US-Duterte sa mamamayan.

Hindi si Duterte at ang pakana nitong pagbabago ng reaksyunaryong konstitusyon sa pamamagitan ng *charter change* tungong pederalismo ang tutugon sa mga batayang suliranin ng mamamayan. Tanging ang digmang bayan ang magdudulot ng tunay na pagbabagong panlipunan at ang mapagpasyang sandata ng mamamayan upang makamit ang hustisyang panlipunan.✎

Repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon para sa tunay na kaunlarang pang-ekonomya ng lipunang Pilipino

Using usaping nilalaman ng panukalang Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER) sa *peace talks* sa pagitan ng reaksyunaryong GRP at National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang Agrarian Reform & Rural Development (ARRD) at National Industrialization & Economic Development (NIED). Kabilang ito sa pangunahing adyenda sa naunyang *5th round* ng pormal na pag-uusap sa *peace talks* noong Hunyo na maghahapag sana ng malilinaw na mga hakbangin para resolbahin ang pangunahing mga suliraning pang-ekonomya ng bansa.

Nilalaman ng ARRD o Repormang Agraryo at Kaunlaran ng Kanayunan pangunahin ang paglalagat at pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa para sa masang magsasaka. Nakabatay ito sa prinsipyo ng libreng pamamahagi ng lupa na iniluwal na ng nauna nang mga negosasyon. Kung gayon, naglalayon itong wakasan ang monopolyo sa lupa ng malalaking panginoong maylupa, mga dayuhang kapitalista at maging ng estado. Ang pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka at pagkilala sa lupaing ninuno ng mga pambansang minorya ang magsisilbing panimulang hakbang upang ibwelo ang produksyong agrikultural sa bansa, na sa kasalukuya’y maliitan, hiwa-hiwalay at atrasado. Kaalinsabay nito, lalaanan ng sapat na pondo ang produksyon sa agrikultura upang mapaunlad ang siyentipikong pagsasaka, irigasyon, *farm-to-market roads*, *agricultural credits* atbp.

Sa balangkas ng ARRD, magkakaroon ng partisipasyon ang uring magsasaka sa demokratikong pagpapalano ng ekonomya ng bansa at kasabay nito’y itatayo ang mga kooperatiba sa kanilang hanay bilang mga karagdagang paniyak sa mahusay na pagpapatupad ng mga programa para sa pagpapaunlad ng kanayunan. Liban dito, katuwang nila ang mga rebolusyonaryong pangmasang organisasyon at ang Bagong Hukbong Bayan sa pagpapatupad ng repormang agraryo.

Susuportahan ang pagpapaunlad sa produksyong agrikultural ng pambansang industriyalisasyong naglalayong tiyakin

ang mabilis na paglago ng ekonomya, lumikha ng maraming trabaho at kabuhayan, itaas ang sahod ng mga manggagawa, ibigay ang batayang serbisyo para sa mamamayan at kamtin ang nagsasariling ekonomyang independyente sa imperyalismong US. Ito ang saligang nilalaman ng NIED o Pambansang Industriyalisasyon at Kaunlarang Pang-ekonomya.

Ang mga lokal na prodyuser at pambansang puhunan sa halip na iyong sa mga dayuhan ang pauunlarin bilang mga nangungunang pwersang magtutulak sa pagpapaunlad ng ekonomya. Aktibong itataguyod at hihikayatin nito ang maliliit hanggang sa malalaking empresa ng mga Pilipino, ganundin ang iba pang sektor-publiko, pribado-publiko at pribado. Pauunlarin ang magaan, intermedya at mabibigat na industriya upang tiyakin ang kaunlaran ng bansa at wakasan ang todong-pagsalig sa import at eksport ng mga produktong nalilikha at pangkonsumo. Itatayo ang sariling industriya ng Pilipinas para sa bakal, kagamitang pamproduksyon at makinarya, transportasyon, mina, komunikasyon, elektrisidad, kemikal, gamot, damit, pagkain, tubig at mga *precision instruments*. Kasabay ng pagsasabansa ng mga empresa at industriya, titiyakin ng estado na 60-100% ang pagmamay-ari nito sa mga malalaki at estratehikong industriya sa bansa.

Higit sanang napapanahon ang pagkakasundo sa mga panukalang ito upang lutasin ang pagkasadlak sa kahirapan ng masang



magsasaka sa Timog Katagalugan at buong bansa sa gitna ng pagbulusok ng presyo ng kopra at buong niyog at ang pagkawasak ng malalawak na palayang sinasalanta ng mga kalamidad dulot ng Habagat. Ito rin sana ang magbibigay ng katiyakan sa mga magsasaka at manggagawang-bukid na nagsusulong ng mga bungkalan sa iba't ibang bahagi ng rehiyon tulad sa Lupang Ramos sa Cavite, Hacienda Roxas sa Batangas, Hacienda Yulo sa Laguna, Hacienda Gancayco sa Quezon at Lupang Almeda sa Mindoro. Lulutasin din nito ang *inflation* at pagbagsak ng pambansang ekonomyang nakaugat sa malaon nang pagsalig sa import at eksport at kawalan nito ng saligang mga industriya.

Wawakasan nito ang deka-dekada nang pagsandig ng ekonomyang Pilipino sa ekonomya ng imperyalismong US at ang pagkagapos ng bansa sa mga neoliberal na patakarang lalong nagsasadlak sa masang Pilipino sa higit na kahirapan. Itutulak nito ang isang planadong pagpapaunlad sa ekonomya ng bansang tiyak na pakikinabangan ng lahat. Naaayon ito sa programa ng Partido Komunista ng Pilipinas para sa demokratikong rebolusyong bayan at maging ng NDFP na malaon nang isinusulong ng

rebolusyonyang mamamayang Pilipino.

Pangunahing kalaban nito ang interes ng imperyalismong US, mga panginoong maylupa't mga kumprador-burgesya na tulad ni Duterte na monopolisahin at kontrolin ang likas na kayamanan ng bansa at pigain ang lakas-paggawa ng uring anakpawis para sa pagkakamal nila ng pinakamalaking tubo. Taliwas ito sa pinananatiling kaayusang panlipunan sa bansa bilang isang malakolonyal at malapyudal na sya ring pangunahing ugat ng umiigting na armadong tunggalian sa bansa.

Sa saligan, ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa tunay reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon at ang kaakibat na mga demokratikong karapatan nila ay nakaangkla sa inilulunsad na digmang bayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Hindi ito kusang ibibigay ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing-uri sa bansa. Dadaan ito sa isang rebolusyonyang pakikibaka ng mamamayan pangunahin ng masang anakpawis upang ganap na ibagsak ang paghahari ng imperyalismong US, at mga lokal na naghaharing-uri sa bansa. ☒

Krisis sa ekonomya: delubiyong hatid ng rehimeng US-Duterte

Pagpasok ng taong 2018, ipinalasap ng rehimeng US-Duterte sa mamamayang Pilipino ang hagupit ng TRAIN Law at ang mabilis na pagsirit papataas ng presyo ng mga pangunahing bilihin. Higit pa sa mga nagdaang bagyo at hagupit ng Habagat ang epekto nito sa mamamayang anakpawis na lalong nasasadlak sa matinding kahirapan. Higit pang nagdarahop ang mamamayang Pilipino ngayon sa pagtaas ng presyo ng bigas sa gitna ng mababang sahod ng mga manggagawa at binabarat na presyo ng produkto ng mga magsasaka.

Pinakawalan ni Duterte sa pagpasok ng taong 2018 ang pinakamalakas na pasabog ng kanyang rehimen, ang Tax Reform for Acceleration & Inclusion (TRAIN) Law. Laman nito ang pagbabawas ng *income tax*, karagdagang buwis sa petrolyo, *automobile*, *cosmetic procedures*, *coal*, *tobacco*, at *sweetened beverages*. Sa esensya, maging sa inilabas na pananaliksik ng mga burges na midya at iba pang institusyong mananaliksik, nagpapataw ang TRAIN ng dagdag na pahirap sa anyo ng mas mataas na presyo ng bilihin habang inililibre sa mataas na buwis ang mga naghaharing-uri.

Ang dagdag na *excise tax* sa mga produktong petrolyo ay lumilikha ng higit na pagtaas sa mga presyo ng batayang bilihin at serbisyo laluna sa mga kalakal na pangunahing gamit ng mahihirap na mamamayan. Noong 1996, itinaas ng RA 8184 ang buwis sa gasolina ng P1.83-2.83 kada litro, sa *diesel* ng P1.18 at sa gasolina ng 10 sentimo. Tumaas ang

inflation rate sa tantos na 9.1% kumpara sa dating 8% lamang noong 1995.

Noong 2005, pinalawak ng RA 9337 ang saklaw ng VAT (value-added tax) sa produktong petrolyo na nagdulot ng pagtaas ng presyo nito. Kahit na inalis ang *excise tax* sa *diesel* at gas noon, tumaas pa rin ang *inflation rate* ng 7.6% noong 2005 mula 6% noong 2004. At sa parehong padron, naganap rin ang pagsirit pataas ng *inflation rate* matapos ipataw ang TRAIN Law ngayong 2018. Mula pagpasok ng unang kwarto ng taon, kagyat na sumipa ang *inflation rate* ng bansa at ngayong buwan ng Agosto, pumalo na ito sa 6.4%, pinakamataas sa nagdaang siyam na taon at higit na mataas pa sa inaasahang pagtaas ng Bangko Sentral ng Pilipinas na 2-4% lamang.

Halos kasunod nito, pagpasok ng ikalawang hati ng taon ay naganap ang malawakang kakulangan sa suplay ng bigas sa bansa na nagtulak sa pagtaas

ng presyo nito ng P10-P30 kada kilo at ang kawalan ng suplay ng NFA rice na kayang bilhin ng masang anakpawis at kung mayroon man ay puro bukbok na. Ito ay sa kalagayang nakapako sa napakababang sahod ang natatanggap ng mga manggagawa at lalong binabarat ang presyo ng produktong bukid ng mga magsasaka tulad ng niyog at palay. Sa Timog Katagalugan, umaabot lamang sa P288-P366 ang sahod ng mga manggagawa sa mga pabrika sa saklaw ng CALABARZON. Samantala, aabot lamang sa P4-P7 ang arawang kita ng mga magsasaka sa niyugan dulot ng napakababang presyo ng kopra at buong niyog, habang nakapako na sa P17 ang bawat kilo ng palay ng magsasaka.


Magkaganunman, kubit-balikat pa rin ang rehimeng US-Duterte sa ganitong kalagayan ng mamamayan. Sa halip na itutok ang bagong pambansang pondo sa darating na taong 2019 para tugunan ang batayang pangangailangan ng mamamayan at resolbahin ang krisis na kinakaharap ng bansa ay naglaan ito ng mas malaking pondo na umaabot sa P555.7B sa kanyang programang imprastruktura na Build Build Build sa pamamagitan ng DPWH. Malaking kabalintunaan rin ang pagdaragdag ng pondo sa DILG at DND habang kinaltasan ang pondo para sa Department of Health mula P109B tungong P74B. Kinaltasan din ang pondong ilalaan para sa Department of Agriculture na aabot na lamang sa P49.8B mula P50.7B ngayong 2018.

Nagaganap din ang krisis sa sektor ng agrikultura sa bansa at ito ang isa sa mga ugat ng mabagal na paglago ng ekonomya at pagtaas ng *inflation*. Ayon mismo sa Philippine Statistics Authority (PSA), bumagal ang paglago ng ekonomya tungong 0.2% lamang sa ikalawang kwarto ng 2018 mula sa 6.3% noong parehong panahon ng taong 2017. Maging sa unang kwarto ng taong 2018 ay 0.7% lamang ang paglago ng sektor sa agrikultura kumpara sa 5.6% sa parehong panahon noong 2017.

Mauugat ang kasalukuyang krisis sa agrikultura at pagkain sa bansa sa malaon at papalalang kaayusang dulot ng malakolonyal at malapyudal na lipunan. Sadyang binabansot ng imperyalistang bansa, pangunahin ng US ang agrikultura ng bansang dati nang atrasado, maliitan at hiwa-hiwalay. Ni wala tayong sariling industriya ng pangunahing pagkaing kinokonsumo ng mamamayan, at

maging ang malalawak na palayan ay ikinukumbert tungong mga *industrial estates* ng mga dayuhan at iba pang proyektong residensyal at komersyal.

Walang aasahan ang mamamayan sa buladas ni Duterte na pauunlarin umano nya ang agrikultura ng bansa na masasalamon sa kasalukuyang krisis pang-ekonomya. Patuloy nyang pinagdadadamutan ang pinakamahihirap na mamamayan at pinagkakaitan ng mga batayang serbisyo para sa sariling kapritso at kapakinabangan ng mga kasapakat nyang burukrata at dayuhang interes. Tinalikuran nya ang *peace talks* sa NDFP na syang magbibigay sana ng mga kongkreto at malililaw na kalutasan sa kasalukuyang krisis pang-ekonomya ng bansa.

Sa gitna ng kasalukuyang krisis na nararanasan ng mamamayan, wala na silang ibang masusulingan kundi ang rebolusyonaryong kilusan. Sa patuloy na pagkakahiwalay ng rehimeng US-Duterte sa mamamayan, higit nilang nauunawaang tanging ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka kasama ang iba pang inaaping uri at sektor sa lipunan sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ang magbibigay sa kanila ng ganap na kalutasan sa kanilang kahirapan. Higit na nagiging malinaw para sa mamamayan ang kawastuhan ng digmang bayang isinusulong ng Bagong Hukbong Bayan at ang pagpapabagsak sa rehimeng US-Duterte at sa kanyang estadong anti-mamamayan. 



1978-85: Panahon ng panimulang mga pagsulong sa lahatang-panig na gawain sa rehiyon

Higit na yumabong ang napasimulang pagbibinhi ng rebolusyonaryong kilusang pinamunuan ng Partido sa Timog Katagalugan sa mga taong ito. Tangan ang 'Mahigpit Nating Tungkulin' bilang gabay, mabilis na lumawak ang larangang gerilya sa Quezon Bicol Zone (QBZ) at nagluwal ng mga bagong yunit ng Partido at Hukbong bayan. Mula sa naipong lakas nito matapos ang ilang pagkabigo sa pagpupundar, nagawa ng Partido sa rehiyon na makapaglatag sa halos lahat ng probinsya sa rehiyon. Sa mga panahong ito naitayo na ang ilang mga Yunit sa Gawaing Masa (YGM) para pangasiwaan ang pagpapalawak ng panimulang mga naipundar na baseng masa. Mula sa larangan sa QBZ, naitayo ang karagdang yunit sa gawaing masa (YGM) at nakapagpalawak sa SQ-BP, Laguna at Batangas. Samantala, ang pagsigla ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro ang nagtulak sa pagkakatayo ng Komite ng Partido sa Isla na binuo ng Komiteng Sub-distrito sa Occidental Mindoro, Sangay sa Military Sector, at Komite sa Sentrong Bayan.

Sa inabot na latag sa kalakhang bahagi ng rehiyon, mapangahas na pinalawak ang baseng masa sa kanayunang bahagi nito sa pagkakatayo ng signipikanteng bilang ng mga Grupong Pang-organisa ng mamamayan. Higit na lumalim ang pag-ugat ng Partido at Hukbong bayan sa masang magsasaka sa paglulunsad nito ng mga kampanyang masa sa anyo ng mga kampanya para sa pagpapababa ng upa sa lupa at pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid sa mga asyenda ng niyog sa antas distrito at larangan. Ganundin, ikinasa ang mga rali-demonstrasyon laban sa militarisasyon sa kanayunan.

Nabuo na rin ang mga yunit gerilya na nagsimula sa antas ng iskwad at may isang pinalaki hanggang antas kumpanya partikular sa saklaw ng SQ-BP-LSM. Bunga nito, naging malaganap ang paglulunsad ng iba't ibang anyo ng mga taktikal na opensiba, maliliit at malalaki. Noong 1982, sa loob lamang ng limang buwan mula Abril hanggang Agosto ay, inilunsad ang mga taktikal na opensiba sa rehiyon na lumipol ng 96 tropa ng kaaway at nagpalitaw ng 75 matataas na kalibre ng baril.

Sa kalunsuran, nailatag na rin ang mga kinakailangang komite ng Partido upang pangasiwaan ang mga pakikibaka't kampanyang masa. Ang inabot na pampulitikang daluyong ng kilusang masa sa buong bansa bunga ng pagkahiwalay ng diktadurang Marcos ay nagtulak rin ng pagtaas ng sentimiyentong makabayan at antipasista ng mamamayan ng TK. Lalo nitong pinasigla ang rebolusyonaryong kilusan sa buong rehiyon at nagbigay-sikad sa kilusang masa sa kalunsuran. Sa hanay ng kabataang-estudyante, inilunsad ang pakikibaka para isulong ang demokratikong karapatan ng mga estudyante sa anyo ng mga kilusang boykot at *walkout* sa pangunguna ng UP Los Baños. Iniluwal ng paglakas ng kilusan sa hanay ng mga kabataang



estudyante ang pag-oorganisa sa mga kabataan sa komunidad sa ilang bahagi ng rehiyon.

Lumakas at lumaganap ang mga pakikibakang manggagawa at inabot ang isang antas ng paglawak mula antas desikadura at repinerya ng langis sa Quezon at Laguna patungo sa mga bayan papalapit ng Maynila. Nailunsad ang mga koordinadong welga at *interfactory* na mga pagkilos. Samantala, pinag-ibayo rin ang kilusang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa hanay ng mga maralitang lungsod partikular sa mga *resettlement areas*.

Ang panimulang mga pagsulong na ito sa rehiyon at sa buong bansa ay tinugon ng reaksyunaryong estado ng matitinding operasyong militar ng AFP-PNP at PC. Noong 1982, inilunsad sa rehiyon partikular sa Quezon-Bicol Zone ang Oplan Cadena de Amor na naging *prototype* ng mapanupil na kampanyang militar na Oplan Katatagan, isang kontra-rebolusyonaryong plano ng pasistang diktadurang US-Marcos sa buong bansa. Sa ilalim ng Oplan Cadena de Amor, pinagtulung-tulungan ang panimulang sumusulong na rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon ng pitong batalyon ng Philippine Army, isang batalyon ng PC at isang batalyon ng Philippine Marines. Buong-giting itong hinarap ng Partido, at Hukbo sa rehiyon at ipinwesto ang lahat ng mga yunit ng BHB at mga namumunong komite ng Partido sa *combat-footing*. Hindi nagtagal, ang pakanang ito ng rehimeng Marcos ay mabibigo rin ng patuloy na nag-akumulang lakas ng lahatang-panig na rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon at sa buong bansa. ☐

Ikalawa sa serye ng mga artikulo sa pagbabaliktanaw sa kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon para sa nalalapit na ika-50 anibersaryo ng Partido.


Palawan: Sentro ng ekoturismo ng mga dayuhang mandarambong

Kilala ang isla ng Palawan bilang “Ang Huling Prontera” dahil sa mga likas na yamang lupa, mineral at tubig na matatagpuan dito. Kung kaya, nagkukumahog ang rehimeng US-Duterte kasapakat ang malalaking burgesya komprador at dayuhang mamumuhunan sa pagtatayo ng iba’t ibang proyekto, negosyo at mga imprastruktura sa isla. Kabilang dito ang malalaking minahan, plantasyon at iba pang proyektong ekoturismo para higit na dambungin ang likas na yaman ng Palawan.

Ang kalakhan ng kagubatan sa lalawigan ay idineklarang mga *protected areas* tulad ng Mt. Mantalingahan *protected areas* na sumasaklaw sa mga kabundukang nasa pagitan ng mga bayan ng Rizal, Quezon, Brooke’s Point, Bataraza at Sofronio Española. Itinakda ang mga zoning system o ang pagkakaroon ng *core zones* na mahigpit na nagbabawal sa anumang walang pahintulot na pupunta dito. Itinakda rin ang mga *buffer zones* kung saan limitado lamang ang papayagang makapunta sa mga lugar na saklaw nito at *multi-use zones* naman na nagpapahintulot sa paglabas-masok ng mamamayan para sa kanilang mga pangangailangan. Dahil dito, malaking bahagi ng kabuhayan ng mamamayang Palaweño na pangunahing nakaasa sa mga kagubatan ang naapektuhan.

Bukod sa mga deklaradong *protected areas*, inaprubahan ng lokal na gubyerno ng Palawan ang mgaminahan na sumasaklaw sa 293,171 libong ektarya o katumbas ng 16.381% ng kabuuang lupa ng isla. Tampok dito ang Rio Tuba Nickel Mining Corporation at Coral Bay Nickel Corporation sa Bataraza; Berong Nickel Corporation sa Quezon; Citinickel Mines and Development Corporation sa Brooke’s Point at Narra; at ang pinakabagong Pyramid Hills Mining and Industrial sa Sofronio Española. Ang malalaking minahang ito ang nagdudulot ng malawakang pagkawasak ng kalikasan para sa ganansya lamang ng mga lokal at dayuhang kapitalista kasapakat ang mga burukrata kapitalista sa loob ng estado.

Nagsisilbing malawakang taniman ng dayuhang kapitalista ang lalawigan para sa mga produktong pang-eksport. Sinasagkan nito ang kabuhayan ng mga magsasaka at lalong nagpapahirap sa kalagayan ng mga manggagawang bukid dito. Isa na rito ang mga dayuhang kumpanya ng *palm oil* tulad ng Agumil at Anchor na sumasaklaw sa mga bayan ng Sofronio Española, Quezon, Brooke’s Point at Bataraza. Dagdag pa rito, simula 2016, nagpapatuloy ang Del Monte na pagmamay-ari ng isang Jordanian



Company sa pagtanim ng pinya at saging sa 6,000 ektaryang lupang sumasaklaw sa mga bayan ng Bataraza at Rizal.

Higit pang ibubukas ng reaksyunaryong gubyerno ang Palawan sa ekoturismo sa pamamagitan ng pagtatayo at pagdebelop ng iba’t ibang proyektong imprastruktura sa lalawigan tulad ng mga *airport* at kalsada. Layunin din nitong mapabilis ang transportasyon ng mga kalakal mula sa loob at labas ng probinsya. Bukod dito, magsisilbi lamang itong pugad para sa mga burukrata kapitalistang mangurakot sa ilalaang pondo dito. Kabilang sa mga idedebelop na *airport* ang Puerto Princesa International Airport, San Vicente Airport at Busuanga Airport. Samantala, isasagawa ang nagkakahalagang 30 bilyong pisong *road-widening project* ng reaksyunaryong gubyerno sa isla kung saan gagawing *six lanes* ang *two-lane national highway* mula El Nido hanggang Bataraza. Layunin nitong paigtingin ang kalakalang panturismo ng bansa sa kanyang mga kasosyong estado sa Brunei-Indonesia-Malaysia-Philippines East Asian Growth Area (BIMP-EAGA) at para umano paunlarin ang sariling ekonomya ng lalawigan.

Si Palawan Governor Jose Alvarez (JCA) ang nangunguna sa pagpapatupad ng mga anti-mamamayan at anti-kaunlarang programa sa lalawigan. Gamit ang kanyang pusisyon, nagsisilbi syang daluyan para malayang makapasok ang malalaking lokal at dayuhang kumpanya sa isla sa

kanyang ganansya, maging kapalit man nito ang kabuhayan at karapatan ng mamamayang Palaweño sa mga likas na yaman. Pangunahin nyang tinutugunan ang kanyang sariling interes at mga kasapatat nitong lokal at dayuhang naghaharing-uri, sa halip na tugunan ang demokratikong kahilingan ng mamamayang Palaweño.

Batid ng mamamayang Palaweño na wala silang anumang aasahang kaunlaran sa mga proyektong ipinapanukala ng lokal na gubyerno sa kanilang lalawigan kundi ang patuloy nilang pagkalugmok sa matinding kahirapan. Ayon kay Salvador Luminoso, tagapagsalita ng Bienvenido Vallever Command-BHB Palawan, “malinaw sa buong rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ng Palawan na makakamit lamang nito ang tunay na kaghinhawaan at kaunlaran sa pananagumpay ng digmang bayan. Sa pamamagitan nito, ganap na maibabagsak ang pasistang paghahari ng rehimen sa bansa hanggang sa maitayo ang Demokratikong Gubyernong Bayan na tutugon sa malaon nang kahilingan ng sambayanan.”

BALITA

Operasyong *quarry* na mapangwasak sa kalikasan at perwisyo sa mamamayan, ipinatigil ng NAAC-BHB Rizal

Ipinagbunyi ng mamamayan ng Rizal ang matagumpay na reyd ng Narciso Antazo Aramil Command (NAAC)-BHB Rizal laban sa Monte Rock Corporation sa Barangay Patiis, San Mateo noong Agosto 12. Sa nasabing taktikal na opensiba, winasak ng rebolusyonaryong kilusan ang tinatayang P100 milyong halaga ng mga kasangkapan at pribadong pag-aari ng kumpanyang ito na ginagamit sa *quarry*.

Mapagpasyang tinugunan ng rebolusyonaryong kilusan sa nasabing opensiba ang malaon nang hinaing ng mamamayan ng Rizal sa malawakang pagsira ng operasyong *quarry* sa kalikasan. Sa pagkawasak ng kabundukan ng San Mateo, inaanod ng tubig ang lupa hanggang sa tumaas ang lebel ng tubig ng mga ilog at nagiging sanhi ng malakihang pagbaha sa mga kalapit-bayan nito. Nitong mga nakaraang buwan lamang matapos ang sunud-sunod na mga bagyo, sinalanta ang napakalaking bilang ng mamamayan ng San Mateo, Montalban at Antipolo sa Rizal at mga kanugnog na syudad sa Maynila kabilang ang Marikina at Quezon City ng malalang pagbaha at nananatili hanggang ngayon ang maraming residente sa *evacuation centers*.

Sa kabila ng malaking pinsalang idinudulot ng operasyong *quarry* ng mga lokal at dayuhang malalaking burgesya kumprador sa mamamayang Pilipino, nagpapatuloy ang pagpopondo rito ng mga burukrata kapitalista. Kasabwat ang Department of Environment and Natural Resources, kumikita ang mga burukrata kapitalista sa paggana ng operasyong *quarry* lalupa't estratehiko ang pusisyon ng Rizal bilang isa sa mga probinsyang pinakamalapit sa Metro Manila. Ang mga buhangin at graba mula sa mga pinasabog at giniling na bato mula sa bundok ang ginagamit sa pagtatayo ng mga imprastruktura ng mga malalaking negosyante. Ito rin ang dahilan kung bakit sa kabila ng napakaraming hinaing ng mamamayan, wala ni anumang tugon ang lokal na reaksyunaryong pamahalaan ng Rizal.

Simula't sapul, tanging ang rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang seryoso sa pagtataguyod ng pangangalaga sa kalikasan at pagpapauna sa kapakanan at kabuhayan ng mamamayan. Mayaman na ang kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa Rizal sa pagpapahinto sa mga mapaminsalang operasyong *quarry* sa probinsya. Malaon nang kumilos at nagbarikada ang mamamayan ng Rizal upang tutulan ang *quarry* sa lugar. Nauna na ring tinugunan ng taktikal na opensiba ng NAAC ang mga kumpanyang JCR Quarry and Aggregates, Bluerock, Rodrock Corporation na pagmamay-ari ng pamilyang Hernandez na Mayor ng Montalban at Pacific Aggregates and Quarry Corporation na pagmamay-ari ng dating Mayor Lopez ng Maynila.

Ayon kay Macario Liwanag, tagapagsalita ng NAAC-BHB Rizal, “ang Bagong Hukbong Bayan bilang tagapagtanggol ng kalikasan ay patuloy na kikilos laban sa mga kumpanyang sumisira sa kalikasan at sa mga hindi sumusunod sa mga patakaran ng demokratikong gobyernong bayan sa pangangalaga sa kalikasan at pagtataguyod sa interes ng mamamayan. Sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, makakaasa ang mamamayan na ang BHB ay patuloy na paglilingkuran ang sambayanan at kakapit-bisig na buong bayan ay bibigyang katarungan ang mga kaapihan ng mamamayan hanggang sa ganap na paglaya sa pagsasamatala ng iilan. Patuloy na isusulong ng BHB ang digmang bayan hanggang sa tagumpay.”



Limang sundalo, patay sa serye ng mga opensiba ng AMC-BHB Quezon

Pinutukan ng lima-kataong tim ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon ang isang kumpanya ng 80th IBPA sa Sityo Sari, Lumutan, General Nakar noong Agosto 13. Dalawang sundalo ang napatay at dalawa rin ang malubhang nasugatan sa hanay ng kaaway habang walang kaswalting natamo ang BHB.

Samantala, sa parehong araw, isang elemento ng 1st IBPA ang napatay sa operasyong isnayp ng BHB Quezon sa Brgy. Cagsiy II, Mauban. Kilalang tagapagtanggol ng interes ng mangangamkam ng lupa at kapitalistang may-ari ng Marcbuilt Construction Corporation ang inisnayp.

Isang elemento naman ng 92nd IBPA ang napatay sa pag-isnayp ng tatlo-kataong tim ng BHB Quezon noong Hulyo 22 habang nakakampo sa *barangay hall* ng Umiray, General Nakar. Bahagi ng madalas na nag-ooperasyong tropa sa Gen. Nakar ang nasabing tropa at nagsususpetsa sa mga Dumagat at Remontado bilang mga kasapi at simpatisador ng BHB.

Noon namang Hulyo 21, isang sundalo mula sa isang tim ng COPD ng 92nd IBPA ang napatay matapos ilunsad ng tatlo-kataong tim ng BHB Quezon ang operasyong isnayp sa Sitio Pulang Lupa, Umiray, General Nakar. Naglulunsad ng operasyong saywar ang nasabing tim ng AFP laban sa mga Dumagat at Remontado sa komunidad.

Magkakasunod na mga opensiba ng NAAC-BHB Rizal, matagumpay na inilunsad

Matagumpay na nireyd ng Narciso Antazo Aramil Command-BHB Rizal ang Monte Rock Corporation noong Agosto 12 sa Brgy. Patiis, San Mateo. Sinira ng Pulang hukbo ang walong *dump truck*, apat na


backhoe, dalawang *bulldozer*, dalawang *pay loader*, opisina at imbakan ng gasolina. Nasamsam din ng NAAC-BHB Rizal mula sa nasabing reyd ang dalawang riple, tatlong pistola, limang ICOM, mga bala, at iba pang kagamitang militar.

Tuluy-tuloy ang kumpanyang ito sa paglulunsad ng operasyong *quarry* na dahilan sa pagkawasak ng kabundukan na nagdudulot ng pagguho ng lupa at malawakang pagbaha sa mga bayan ng San Mateo at Montalban sa Rizal, at kanugnog na mga bayan ng Kamaynilaan kabilang ang syudad ng Marikina. Katunayan, noong mismong araw na inilunsad ang reyd ay bahang-baha ang maraming barangay sa San Mateo. Dagdag pa, nagdudulot ito ng pangamba sa mga residente sa lugar dahil sa madalas na pagpapasabog nito sa bundok.

Samantala, noong Hulyo 30, dalawang elemento ng 80th IBPA ang malubhang nasugatan at nawasak ang sasakyan nito sa matagumpay na pambobomba ng BHB Rizal sa Sityo Tanza 2, San Jose, Antipolo City.

Isa namang elemento ng 59th IBPA ang napatay sa sa operasyong isnayp ng BHB Rizal noong Hulyo 28 sa Brgy. Sta. Inez, Tanay. Kabilang ang inisnayp sa mga pasistang sundalong nananakot sa mga magsasaka, Dumagat at Remontado na nagpoprotesta laban sa pagtatayo ng Laiban Dam.

Isang pulis sa San Vicente, inisparo ng BVC-BHB Palawan

Inisparo ng Bienvenido Vallever Command-BHB Palawan si PO1 Marvin Adler noong Agosto 11, ganap na alas-5 ng hapon sa Poblacion, San Vicente. Nakumpiska ng BVC ang isang 9mm na Gloc at mga bala. Tugon ito sa malaon nang karaingan ng mamamayan ng San Vicente laban sa Provincial Public Safety Battalion dahil sa kanilang pangigingkil at pangungumpiska ng *chainsaw*.



Relief operations para sa mga nasalanta ng bagyong Karding, Josie at Habagat

Naglunsad ng *relief delivery operation* mula Agosto 11 hanggang 13 ang Southern Tagalog Serve the People Corps (ST-STPC) kasama ang Protect Sierra Madre at Baclaran Redemptorist Church sa 1k2 Kasiglahan Village, Rodriguez, Rizal at mga karatig na barangay na malubhang nasalanta ng hagupit nang nagdaang Bagyong Karding at Habagat.

Batay sa mga ulat, tinatayang aabot sa 10,100 pamilya ang apektado sa 3 bayan pa lang ng Rizal dulot ng mga malalang pagbaha. Namahagi ang mga nasabing grupo ng mga pagkain, damit, gamit pangkalinisan at pantulog sa mga biktima ng kalamidad kasabay ng paglulunsad ng mga *counselling* para sa mga nasalanta. Ang mga sumunod na *relief delivery operation* ay ginanap noong Agosto 23, 30 hanggang 31 sa mga karatig na bayan ng Rodriguez tulad ng Tanay, San Mateo, Taytay at iba pa.

Samantala, sa Mindoro, naglunsad din ng *relief missions* sa anyo ng “Tulong Mindoro” ang SAMA KAMI sa 9,685 pamilyang nasalanta ng Bagyong Josie at Habagat sa siyam na bayan. Nagpamahagi sila ng mga pagkain at gamit pangkalinisan.

Ayon sa tala, umabot na sa P78 milyon ang pinsala sa agrikultura sa Sablayan, Occidental Mindoro habang nasira naman ang mga tulay at daanan dito.

Demolisyon ng mga pangisdaan sa Lawa ng Bunot sa San Pablo, nilabanan

Nilabanan ng mga kasapi ng Kalipunan ng Pagkakaisa Tungo sa lisang Diwa ang demolisyon ng kanilang mga pangisdaan sa Lawa ng Bunot, San Pablo City, Laguna noong Agosto 13 hanggang 14. Hinarangan nila ang dumating na *demolition crew* na may kasamang mga pulis at sundalo.

Sa pangunguna ng Laguna Lake Development Authority, gigibain ang mga pangisdaan sa tabing lawa upang bigyang-daan ang mga proyektong pang-ekoturismo. Nanawagan ang mga mangingisda sa Lawa ng Bunot sa mamamayan na suportahan ang kanilang pakikibaka para pigilan ang pag-aalis sa kanilang kabuhayan at tugunan ang mga kinakaharap na mga suliranin ng industriya ng pangisdaan sa bansa.

Saknungan para sa lupa at karapatan, inilunsad ng mamamayang Batangueño



Matagumpay na inilunsad ng mga magsasaka sa Batangas ang Saknungan para sa Lupa at Karapatan sa pangunguna ng Samahang Magbubukid ng Batangas at Kaisahan ng mga Manggagawang Bukid sa Batangas noong Agosto 10. Layunin ng Saknungan ang pagbuklurin ang mga magsasaka ng Batangas at maipatambol ang kanilang mga kinakaharap na suliranin na kakabit ng kawalan ng tunay na repormang agraryo.

Lumahok dito ang iba’t ibang samahan at organisasyong magsasaka sa lalawigan kasama ang iba pang sektor na sumusuporta at nagsusulong ng tunay na reporma sa lupa at karapatan ng mga magsasaka. Kabilang din sa mga tinalakay ang

matinding militarisasyon sa Batangas at ang paglala ng mga kaso ng paglabag sa karapatang pantao ng mamamayang Batangueño tulad ng mga ginagawang *hamletting*, iligal na pag-aresto at pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso sa mga progresibo at pinaghihinalaang tagasuporta ng PKP-BHB.

Tulaog Festival 2018: Labanan ang militarisasyon sa mga komunidad ng mga Dumagat

Iba’t ibang komunidad ng mga Dumagat mula Pollilo hanggang Rizal at kanilang ang mga tagasuporta ang lumahok sa pagdaraos ng Tulaog Festival sa Brgy. San Marcelino, Gen. Nakar, Quezon noong Agosto 2 hanggang 4. Sa pangunguna ng Protect Sierra Madre, ginunita sa Tulaog Festival ang tradisyon, buhay at pakikibaka ng Kadumagetan. Naglunsad ng mga *focused group discussions* ang mga kalahok na nagtatalakay sa iba’t ibang isyung kinakaharap ng Kadumagetan tulad ng pagtatayo ng mga megadam sa bulubundukin ng Sierra Madre, pangangamkam ng mga lupaing ninuno at talamak na militarisasyon sa kanilang lugar. Nagkaroon din ng *medical mission* upang tugunan ang pangangailangan sa kalusugan ng mga dumalo.

Naglunsad din ng palihan sa musika na nakabuo ng kantang pinamagatang “Imaset” na magsisilbing opisyal na kanta ng pagkakabuo ng Imaset, ang asembliya ng mga kababaihang Dumagat. Naglunsad ng *solidarity and cultural night* ang mga kalahok at binisita ang Tulaog Cave kung saan nagdarasal ang mga Kadumagetan sa kanilang diyos na si Makijapat.


Tangan ng mga dumalo ang panibagong sigla at tatag para sa kanilang pakikibaka laban sa militarisasyon at para ipagtanggol ang kanilang sa lupaing ninuno sa bulubundukin ng Sierra Madre. Sa kanilang pag-uwi taas kamao nilang sinisigaw ang panawagang “Gumiyos” o kumilos sa salitang Dumagat.

Mga pakikibakang manggagawa sa TK

Matagumpay na naipagwagi ng mga manggagawa ng Nexperia Inc. Workers’ Union sa Cabuyao, Laguna ang regularisasyon ng 801 na manggagawang kontraktwal mula sa AMI, Bolinao at Manchester Agency. Susi sa tagumpay na ito ang sama-sama at pursigidong pagkilos ng mga manggagawa laban sa Nexperia Inc.

Samantala, napagtagumpayan naman ng unyon at asosasyon ng mga kontraktwal na manggagawa sa Clarmil, gumagawa ng *cake* at *pastries* ng Goldilocks, ang paglalabas ng Writ of Execution ng DOLE para sa

pagpapatupad ng pagreregularisa sa 274 na manggagawa ng Clarmil sa Laguna. Ipinakita ng unyon sa Clarmil ang mahigpit nilang pakikiisa sa laban ng mga manggagawang kontraktwal sa pamamagitan ng pagsama ng kanilang usapin sa kanilang Collective Bargaining Negotiation sa kumpanya na dahilan ng pagreregular ng mga manggagawang kontraktwal.

Binati ng Liga ng mga Manggagawang Kontraktwal sa Timog Katagalugan ang mga manggagawa ng Nexperia at Clarmil para sa kanilang mga tagumpay na ibinunga ng kanilang pagkakaisa at sama-samang pagkilos. Magsisilbing inspirasyon ang mga tagumpay na ito sa iba pang mga manggagawang lumalaban para sa kanilang mga batayan karapatan at kagalingan. 

BANTAY KARAPATAN

Isang lider-masa sa Batangas, dinahas

Tuluy-tuloy na inikutan maghapon ng pinagsanib na elemento ng 1st IBPA, 730th Combat Group ng Philippine Airforce at Batangas PNP ang tahanan ni Guillermo “Ka Gimo” Hernandez sa Brgy. Quizumbing, Calaca, Batangas noong Agosto 20.

Tumatayong pambansang tagapangulo ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) at pangkalahatang kalihim ng Kaisahan ng mga Manggagawang-Bukid sa Batangas (KAISAHAN-Batangas) si Ka Gimo. Samantala, naging biktima naman ang asawa ni Ka Gimo ng atake ng militar at pulis sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga gawagawang kaso kasama ang siyam pang mga magsasaka at mangingisda. Kabilang din ang kanyang asawa sa mahigit 600 na mga aktibista na idineklarang terorista ng rehimeng US-Duterte noong Nobyembre 2017.

Nagsimulang patindihin ng 1st IBPA, 730th Combat Group-PAF at PNP ang mga operasyon sa buong lalawigan ng Batangas mula pa noong Hulyo 11 na lumikha ng matinding takot at mga paglabag sa karapatan ng mga mamamayan dito. Pinagkumpuhan ng mga militar at pulis ang mga komunidad ng mga magsasaka at mangingisda sa Lian, Nasugbu, Calatagan, Calaca, San Juan at iba pang bayan sa Batangas.

Mga magsasaka sa Lupang Ramos, tinatakot at dinahas ng mga pulis

Kinasahan ng M16 ng PNP Mobile Group Cavite ang apat na boluntir ng KASAMA-TK sa Lupang Ramos sa Brgy. Langkaan 1, Dasmariñas, Cavite noong Agosto 9. Nagdulot ito ng matinding takot sa apat na boluntir. Nagalit ang tatlong dumadaang pulis nang hindi agad naitaas ng mga boluntir ang harang na kawayan sa

tapat ng kubol ng bungkalan para sila’y padaanin.



Samantala, tinutukan naman ng baril nina Michael Dacumos at Jerwin Narvaez ang tagapangulo ng Katipunan ng mga Lehitimong Magsasaka at Mamamayan sa Lupang Ramos na si Bayani Tapawan.


Buntis na lider-magsasaka sa Quezon, iligal na inaresto

Iligal na inaresto si Mylene Santua, isang lider-magsasaka, sa Barangay Pagsangahan, San Francisco, Quezon noong Agosto 15 at dinala sa kampo ng 85th IBPA. Naganap ang pag-aresto habang sya’y papuntang ospital para sa isang *medical check-up* kaugnay ng kanyang pagbubuntis.

Si Santua ay dating tagapagsalita ng Coco Levy Fund Ibalik sa Amin (CLAIM) Coalition sa Quezon.


Fact-finding team ng KARAPATAN, hinaras ng PNP Quezon

Hinaras at tinutukan ng baril ng Padre Burgos PNP Deputy Officer Rizaldy Myrene ang isang miyembro ng *fact-finding team* ng KARAPATAN-Quezon at KARAPATAN-Southern Tagalog noong Agosto 2. Ito ay matapos mag-*courtesy call* ang nasabing grupo sa *mayor’s office* sa Brgy. Burgos (Poblacion), Padre Burgos, Quezon.

Ang *fact-finding* ay inilunsad upang alamin ang kaganapan sa iligal na pag-aresto kay Gina Sanggalang, isang lokal na residente ng nasabing bayan noong Hulyo 27. 

Talahulugan ng mga kaso ng paglabag sa mga sibil at pulitikal na karapatan

Pisikal na pang-aabuso

Anumang akto ng paggamit ng hindi kinakailangang pisikal na pamumwersa o pananakit sa isang tao sa pamamagitan ng *pag-assault*, pambubugbog, panggugulpi, pangbabalda, para sa layunin ng pagkuha ng impormasyon o ekstrahudisyal na sapilitang pagpapaamin o bilang parusa sa isang aktong pinaghihinalaan ang isang indibidwal na maysala. 

Kawit-palakol

ni Ka Danaya

Agosto na naman,
maghihigpit muli ng sinturon,
magkukutkot ng kaserola
at mag-aasam
ng kahit katiting na butil na makakain.

Agosto na naman,
hahapustin ang kumakalam na sismura,
habang naghahanapbuhay
sa gitna ng malawak na lupaing
lumago sa pawis na idinilig,
at sa pagod na nagpayaman sa lupang
hindi napakinabangan ng naghirap
at nagpaunlad na magsasaka.

Agosto na naman,
Lulunurin ng tubig at hagupit ng bagyo
ang mumunting kabahayan sa kapatagan,
maaanod ang mga ari-arian,
at sasama sa agos ang buhay
ng libu-libong mamamayang nagdurusa,
humihyaw ng tulong
at pagkalinga sa inutil na mga ahensya
na pinagkakakitaan lamang ang kanilang
paghihirap, dusta at aping kalagayan.

Agosto muli,
ilang unos at tagtuyot ang nagdaan,
mga taong nagpanday sa 'ting lumaban.
Naipon ang pagkamuhi sa kasalukuyang sistema,
sa mga ganid na panginoong maylupa,
sa mga mapagsamantalang burukrata
kapitalista.

Bumulwak na ang galit ng mamamayan,
at sa susunod na mga panahon,
babahain ang mga palasyo ng mga naghahari
ng daan-daang libong inapi at inabang masa
upang bawiin ang ganang kanila.

